


5

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 2: Pagtatanggol ng mga Pilipino Laban sa Kolonyalismong Espanyol



Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 2: Pagtatanggol ng mga Pilipino Laban sa
Kolonyalismong Espanyol
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Nathaniel G. Teves Jr., Marlon D. Lopez, Loida L. Castaños Ma. Rosa B. Balista, Florenda C. Humamoy
Editor:	Hilda D. Olvina, Elizabeth M. Deligero, Ruth T. Poblete, Charity M. Nogra
Tagasuri:	Emmanuel A. Gerardo, Evangeline A. Gorduiz, Ma. Michelle L. Perez
Tagaguhit:	Carlito B. Buctot
Tagalapat:	Nadir M. Beringuel, Paulina Crescini
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma Arnulfo M. Balane Rosemarie M. Guino Joy B. Bihag Ryan R. Tiu Nova P. Jorge Pedro T. Escobarte Jr. Joel A. Zartiga Liza L. Demeterio Eduardo E. Legantin

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Araling Panlipunan

**Ikatlong Markahan – Modyul 2:
Pagtatanggol ng mga Pilipino
Laban sa Kolonyalismong
Espanyol**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul na ito tatalakayin natin ang mga dahilan ng paglunsad ng pakikipagdigma o pag-aalsa ng mga katutubong pangkat laban sa mga Espanyol. Susuriin din natin ang mga naging tugon ng mga katutubong pangkat sa armadong pakikikibakang inilunsad ng mga Espanyol laban sa kanila. Bakit kaya hindi napagtagumpayang sakupin ng mga Espanyol ang mga katutubong pangkat? Nais mo bang malaman ang mga dahilan? Kung gayon, basahin at unawain mo ang kabuuan ng modyul na ito.

Pagkaraang masunod ang lahat ng gawain ay inaasahang magagawa mo na ang sumusunod:

- Napapahalagahan ang pagtatanggol ng mga Pilipino laban sa Kolonyalismong Espanyol, at
- Nakabubuo ng konklusyon tungkol sa pagtatanggol ng mga Katutubong Pilipino laban sa mga Espanyol.



Subukin

Panuto: Ilagay ang tsek (✓) sa patlang kung ang mga sumusunod na pahayag ay nagsasaad ng tunay na nangyari at ekis (✗) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1.) Dalawang paraan ang ginamit ng mga Espanyol sa pananakop sa Pilipinas ito ay sa pamamagitan ng paggamit ng dahas at pagpapalaganap ng Kristiyanismo.
- _____ 2.) Maraming matapang na Pilipinong Muslim ang lumaban sa mga Espanyol. Gumawa sila ng mga sariling armas na kanilang ginamit laban sa mga dayuhan.
- _____ 3.) Mayroong mga katutubong pamayanan na tumangging mapasailalim sa Kristiyanismo.
- _____ 4.) Hindi lumaganap ang Kristiyanismo sa mga Muslim sa katimugan ng Pilipinas at sa mga katutubong pangkat ng Cordillera.
- _____ 5.) Nagtagumpay ang pag-aalsa ni Magat Salamat laban sa mga Espanyol dahil higit na makabago ang kanilang sandata.
- _____ 6.) Sa pang-apat na Digmaang Moro inilunsad ang kauna-unahang *jihad*, o banal na digmaan, laban sa mga Espanyol.

- _____ 7.) Mayroon ng apat na matatag na sultanato sa Mindanao sa pagsapit ng ika-16 na siglo.
- _____ 8.) Naging madali para sa mga Espanyol ang pagsakop sa Pilipinas.
- _____ 9.) Ninais ng mga Espanyol na mabura ang sinaunang paniniwala ng mga Igorot at baguhin ang kanilang pamumuhay ayon sa pamantayan ng mga Espanyol.
- _____ 10.) Kahit payak lamang ang mga armas ng mga pangkat- etnikong naninirahan sa mga bulubunduking lalawigan ng Luzon, matagumpay nilang naitaboy ang mga mananakop.

Aralin

1

Pagtatangol ng mga Pilipino Laban sa Kolonyalismong Espanyol

Ayon sa mga mananaliksik ng kasaysayan ng ating bansa, sapilitang sinakop ng mga Espanyol ang ating mga ninuno sa pamamagitan ng paggamit ng dahas at armas upang makamkam nila ang teritoryo nito. Subalit, hindi lahat ay napagtagumpayan nilang sakupin. Dahil sa heyograpikal na katangian ng Pilipinas at katapangang ipinamalas ng ilang katutubong pangkat, hindi sila nasakop ng mga Espanyol, sa kabila ng maiging na pagtatangka ng mga ito na sakupin sila.



Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Isulat ang **TAMA** kung ito ay naging reaksiyon at ginawa ng ating mga ninuno sa pananakop ng mga Espanyol at **MALI** kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Tinanggap nila ang mga Espanyol bilang kaibigan at kakampi.
2. Nagustuhan nila ang epekto ng *Reduccion*.
3. Nasiyahan sila sa patakarang ipinatupad ng mga Espanyol ang Sistemang *Encomienda*.
4. Tumanggi silang makipagkasundo sa mga Espanyol.
5. Naghandog sila ng mga regalo sa mga Espanyol.
6. Nag-alsa sila laban sa mga mapang-abusong Espanyol.
7. Inalok nila ang mga Espanyol na makipagkalakalan.
8. Sumang-ayon sila sa pamamalakad sa sistemang sapilitang paggawa.
9. Nakipag-usap sila sa hari ng Espanya.
10. Labis nilang tinutulan ang Tributo.



Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay para sa ating mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng tulong upang mas lalong maintindihan ang mga aralin sa panahong hindi sila nakadalo sa talakayan. Patnubay ng guro ay lubos na kailangan upang maihatid ang dunong na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maitawid ang pansariling kaunlaran at maging kapaki-pakinabang sa pamayanan.

Ang susunod na gawain ay taglay ang iba't ibang kasanayan at bagong kaalaman upang matulungan ang ating mga mag-aaral na mapaunlad ang sarili at maipamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan ng ating bansa.

Hayaan ang mag-aaral na gawin ang iba't ibang kasanayan na walang pagkaantala. Ipagawa ang mga gawain nang malaya, subalit ang mabisang pagdaloy ay kailangan.




Tuklasin




Panuto: Tukuyin ang hinihingi sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot mula sa mga pagpipilian sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

anim <i>Moors</i>	Digmaang Moro <i>comandancia</i>	Legazpi <i>Jihad</i>	walo 1964
----------------------	-------------------------------------	-------------------------	--------------

- 1.) Ito ay pamahalaang militar na itinatag ng pamahalaang kolonyal upang masiguradong magiging mapayapa ang partikular na teritoryo at susunod sa mga patakarang Espanyol ang mga nakatira dito.



- 2.) Ang katawagang “Moro” ay buhat sa _____, o ang pangkat-etnikong mula sa hilagang Aprika na sumakop sa Espanya noong ikawalong siglo.
- 3.) Banal na digmaang inilunsad ng mga Muslim upang ipagtanggol ang kanilang relihiyon at paraan ng pamumuhay.
- 4.) Ilang digmaan ang sumiklab sa pagitan ng mga Muslim at mga Espanyol?
- 5.) Sino ang nagpadala ng misyon sa Ilocos na pinamunuan ng kaniyang apo na si Juan de Salcedo upang siyasatin ang mga gintong ibinebenta dito ng mga Igorot?



Suriin


Mga Pagtatanggol na Ginawa ng mga Pilipino Laban sa mga Espanyol

Ginamit ng mga Espanyol ang Kristiyanismo at iba pang patakaran upang masakop ang Pilipinas. Napasunod nila ang ating mga ninuno sa mahigpit na mga batas, kautusan, o patakaran na ipinatupad ng mga Espanyol. Nakaranas sila ng matinding paghihirap, pagmamalupit, at pang-aabuso. Dahil dito, mahigit sa 100 pag-aalsa ang isinagawa nila sa loob ng mahigit 300 taong pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas.

Pangyayari	Paliwanag
Pag-aalsang Lakan Dula at Sulayman	➤ Nang mamatay si Legazpi, ang naging kapalit niyang Gobernador-Heneral Guido de Lavezares ay hindi naibigan ng mga katutubo dahil bigla niyang inalis ang mga karapatang ipinagkaloob ni Legazpi. Pinagmalupitan at pinagsamantalahan ng mga Espanyol ang mga katutubo. Naging matindi ang galit nina Lakadula at Sulayman kaya sila ay nag-alsa. Naganap ito sa Tondo noong 1574. Natigil lamang ang pag-aalsa ng mga Pilipino nang ibalik ang kanilang mga karapatan.

Pag-aalsa ni Magat Salamat	<ul style="list-style-type: none"> ➤ Lalong matindi ang pag-aalsa ni Magat Salamat, anak ni Lakan Dula, kaysa sa naunang pag-aalsa ng kaniyang ama at tiyuhin. Nagtatag siya ng lihim na samahan upang ipaglaban at makamit muli ang kalayaan ng mga katutubong Pilipino noong unang bahagi ng 1587. Nakipagsabwatan siya kina Juan Gayo at Dionisio Fernandez na magpasok ng mga sandata subalit hindi nagtagumpay ang kanilang balak. Sila ay dinakip at binitay.
Rebelyon ng Gaddang	<ul style="list-style-type: none"> ➤ Dahil sa pagmamalabis ng mga Espanyol, pinamunuan nina Felipe Catabay at Gabriel Tayag ang paghihimag sik ng mga Gaddang sa Cagayan Valley noong 1621. Pinakiusapan sila ng Dominikong Paring si Pedro de Santo Tomas na itigil na ang labanan. Dahil sa mahusay magsalita ang pari, nakinig sila at sumuko.
Rebelyon ni Maniago	<ul style="list-style-type: none"> ➤ Pinamunuan ni Francisco Maniago ang rebelyon ng mga Kapampangan. Nagrebelde sila noong Oktubre 1660 sa nais nilang maging malaya. Tinutulan nila ang sapilitang pagpapatrabaho. Hinarangan nila ang mga ilog para mapigilan ang pagdadala ng mga pagkain patungong Maynila, upang magutom ang mga Espanyol. Nahikayat ni Maniago ang mga taga-Pangasinan at Ilocos na sumama sa kanya. Nagkaroon ng negosasyon ang gobernador-heneral at si Maniago. Sila ay pinangakuan ng malaking halaga at hinayaang gumawa ng kanilang gawain sa bukid kaya natigil ang pag-aalsa.
Rebelyong Malong	<ul style="list-style-type: none"> ➤ Si Andres Malong ang namuno sa pag-aalsa laban sa kalupitan ng mga Espanyol sa Lingayen, Pangasinan noong Disyembre 15, 1660. Lumaganap ang pag-aalsa at nakisama rin ang mga taga ibang bayan sa kilusan nila. Nagpadala si Malong ng mga mensahero sa iba't-ibang lalawigan para hikayatin ang mga tao na makiisa sa kanila. Hindi nagtagal, nanghina ang kanilang hukbo at natalo sila ng mga Espanyol sa bayan ng Binatongan (Lungsod ng San Carlos).
Mga Pangkat sa mga Bulubunduking Lalawigan ng Luzon	<ul style="list-style-type: none"> ➤ Ang mga pangkat-etnikong naninirahan sa mga bulubunduking lalawigan ng Luzon ay hindi kailanman nasakop ng mga Espanyol dahil bulubundukin ang lugar at hindi nila kabisado ang mga pasikot-sikot na daan. Kabilang sa mga pangkat na ito ang mga Ifugao, Kalinga, Bontoc, Tinggian, Apayao, Kankanai, at Ibaloi. Naninirahan sila sa bulubunduking lalawigan ng Hilagang Luzon tulad ng Cagayan, Abra, at Nueva Ecija. Ang mga Aeta na nasa kabundukan ng Zambales, Sierra Madre, Negros, at Panay ay hindi rin nasakop ng mga Espanyol. Pagsapit ng ika-19 na siglo, muling nagpadala ng misyon ang mga Espanyol sa Cordillera upang magtatag dito ng Pamahalaang Militar o <i>Comandancia</i>. Hindi rin nagtagumpay ang mga Espanyol sa misyong binyagan sa Kristiyanismo ang mga katutubo, dahil naging mahirap sa mga misyonero na tunguhin nang madalas ang bulubundukin ng Cordillera at nagkaroon ng kakulangan sa mga misyonerong maaaring ipadala sa lalawigan.

<p>Pakikidigma ng mga Muslim</p>	<p>➤ Maraming matapang na Pilipinong Muslim ang lumaban sa mga Espanyol. Gumawa sila ng mga sariling armas na kanilang ginamit laban sa mga dayuhan. Mayroon ng tatlong matatag na sultanato sa Mindanao sa pagsapit ng ika-16 na siglo. Ito ay ang Sultanato ng Sulu, Sultanato sa Maguindanao, at Sultanato ng Buayan. May mga ipinadalang ekspedisyon ang pamahalaang kolonyal sa Mindanao noong 1571 upang sakupin ito ngunit buong tapang na nanlaban ang mga Muslim. Sa panahong ito, anim na digmaan ang sumiklab sa pagitan ng mga Muslim at mga Espanyol na tinawag na Digmaang Moro kung saan sa pang-apat na digmaan inilunsad ang <i>Jihad</i> o banal na digmaan laban sa mga Espanyol. Ang katawagang “<i>Moro</i>” ay buhat sa salitang <i>Moors</i> o ang pangkat-etnikong mula sa hilagang Aprika na sumakop sa Espanya noong ikawalong siglo. Isa sa mga Muslim ng Mindanao na namuno sa pagtatanggol ng kanilang kalayaan at relihiyong Islam laban sa mga mananakop na Espanyol ay si Sultan Kudarat ng Maguindanao, ang tinaguriang pinakamagiting na mandirigma ng Mindanao noong 1619 hanggang 1671.</p>
<p>Tangkang Pananakop sa mga Igorot</p>	<p>➤ Pagsapit ng ika-16 na siglo, agad nagpadala ng misyon si Legazpi sa pamumuno ng kaniyang apo na si Juan de Salcedo upang siyasatin ang mga gintong ibinebenta dito ng mga Igorot. Lalong naging maigting ang paghahanap ng ginto sa pagsiklab ng mga labanan sa Europa dahil sa matinding pangangailangan ng Espanya ng pantustos sa digmaan. Naging mahirap para sa mga sundalong Espanyol na ipinadala sa Cordillera ang talunin ang mga mandirigmang Igorot sa bulubunduking kabisado nila ang pasikot-sikot. Noong 1624, tuluyang inihinto ang paghahanap ng minang ginto sa Cordillera.</p>




Pagyamanin


Panuto: Itala ang mga dahilan ng hindi matagumpay na pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubong pangkat sa Cordillera at mga Muslim sa Mindanao gamit ang *diagram* sa susunod na pahina. Piliin ang tamang sagot mula sa mga pagpipiliian sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Bulubundukin ang Cordillera
- May tatlong Sultanato
- Kakulangan sa mga Misyonero
- Digmaang Moro
- Hindi nila kabisado ang pasikot-sikot sa lugar
- Mga pananaw at paniniwala tungkol sa kalayaan

**KATUTUBONG PANGKAT
SA CORDILLERA**



MUSLIM



Isaisip

Ang pagtatanggol ng mga katutubong pamayanan sa Pilipinas laban sa kolonyalismong Espanyol ay nagsilbing hamon sa paggising ng nasyonalismo ng mga katutubo. Nabuksan ang kaisipan ng mga ito na ipagtanggol ang kanilang kalayaan. Hanggang ngayon ay nagpapatuloy ang pundasyon ng kanilang sinaunang kalinangan.



Isagawa

Panuto: Basahin ang bawat isang pangungusap. Isulat ang **TAMA** kung ito ay dahilan kung bakit hindi nagtagumpay ang mga Espanyol sa pananakop sa mga katutubong pamayanan ng Pilipinas, at **MALI** kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1.) Naging mahirap sa mga misyonerong Espanyol na tunguhin nang madalas ang bulubundukin ng Cordillera.
- _____ 2.) Naging madali para sa mga sundalong Espanyol na talunin ang mga Muslim sa timog ng Pilipinas.
- _____ 3.) Nagkaroon ng kakulangan sa mga misyonerong Espanyol na maaaring ipadala sa mga lalawigan.
- _____ 4.) Mahalaga sa mga Muslim na mapanatili nila ang kanilang kalayaan.
- _____ 5.) Naging mahirap din para sa mga sundalong Espanyol na ipinadala sa Cordillera na talunin ang mga mandirigmang Igorot sa bulubundukin sapagkat kabisado nila ang pasikot-sikot dito.



Tayahin


A. **Panuto:** Tukuyin ang hinihingi sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot mula sa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Muslim	Igorot	Digmaang Moro
ginto	Moors	comandancia

1. Ano ang tawag sa pamahalaang itinatag ng mga Espanyol sa Cordillera?
2. Ano ang tunay na pakay ng mga Espanyol sa kanilang pagsalakay sa Cordillera?
3. Ano ang tawag sa katutubong pamayanang naninirahan sa Mindanao na hindi nasakop ng mga Espanyol?
4. Anong katutubong pangkat sa Cordillera ang hindi nasakop ng mga Espanyol?
5. Ano ang tawag sa serye ng digmaan sa pagitan ng Espanyol at Muslim noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas?

- B. **Panuto:** Bumuo ng konklusyon tungkol sa mga dahilan ng hindi matagumpay na pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubong pangkat sa Pilipinas. Gamitin ang mga salita sa loob ng kahon sa pagkumpleto sa *semantic web* sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Matapang		may panananaw sa kalayaan
walang pakialam	Nagkakaisa	may paniniwala sa kalayaan
umiwas sa gulo	watak-watak	mahina ang loob



Karagdagang Gawain

Panuto: Ano-anong katangian ng mga Pilipino ang kanilang ipinakita sa bawat sitwasyon? Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


Katalinuhan	Kasipagan	Katapatan	Katapangan
Pagkakaisa	Pagkamatiisin	Pagmamahal sa Kalayaan	
Lakas ng Loob	Tiwala sa Sarili	Pagkamalikhain	

1. Lumalaban ang mga katutubo kahit mahina ang kanilang armas.
2. Sumapi ang mga tao mula sa iba't ibang lalawigan sa lihim na samahang itinayo ni Magat Salamat.

3. Hinarang ng mga kasamahan ni Maniago ang daanan ng mga pagkain para sa mga Espanyol upang sila ay magutom at mapilitang ibigay ang kanilang mga hinihiling.
4. Gumawa ng sariling armas ang mga Muslim upang lumaban sa mga Espanyol.
5. Hindi iniwan ng mga katutubo ang ibang kasamahan sa pag-aalsa laban sa mapang-abusong Espanyol hanggang sa makamit ang kalayaang inaasam-asam.



Susi sa Pagwawasto



- 1.) Katapangan
- 2.) Pagkakaisa
- 3.) Katalimuhan
- 4.) Pagkamalikhain
- 5.) Katapatan

Karagdagang Gawain

Tayahin B

- 4) Tama
- 5) Tama

Tayahin A

- 1) Comandancia
- 2) ginto
- 3) Muslim
- 4) Igorot
- 5) Digmaang Moro

Isagawa

- 1) Tama
- 2) Mali
- 3) Tama

- Mga pananamaw at paniniwala tungkol sa kalayaan
- Digmaang Moro
- May tatlong Sultanato

MUSLIM:

- Hindi kabisado nila ang pasikot-sikot sa lugar
- Kakulangan sa mga Misyonero
- Bulubundukin ang Cordillera.

KATUTUBONG PANGKAT NG CORDILLERA:

Pagyamanin

Subkin	Balikan	Tuklasin
1.) ✓	1. Mali	1.) Comandancia
2.) ✓	2. Mali	2.) Moors
3.) ✓	3. Mali	3.) Jihad
4.) ✓	4. Tama	4.) anim
5.) ✗	5. Mali	5.) Legazpi
6.) ✓	6. Tama	
7.) ✗	7. Mali	
8.) ✗	8. Mali	
9.) ✓	9. Mali	
10.) ✓	10. Tama	

Sanggunian

DepEd-RO8, *TG Araling Panlipunan*, 2016.

Gabuat, Maria Annalyn P., Mercado, Michael M., and Jose, Mary Dorothy dL.,
Pilipinas Bilang Isang Bansa, Vibal Group, 2016.

Guerra, Restituta San Pedro, Ed.D., *Ang Bayan Kong Mahal*, Abiva Publishing
House, Inc., 1999.

Palu-ay, Alvenia P., *Makabayan Kasaysayang Pilipino*, LG&M., 2006.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph